ASIAN HEALTH SERVICES
101 8TH STREET, SUITE 100
OAKLAND, CA 94607

NON-PROFIT
ORG. US
POSTAGE PAID
OAKLAND, CA
PERMIT NO.
3630

# MENSAHE NG CEO AT PRESIDENTE 2025

Maraming salamat sa pagtitiwala ninyo sa amin para sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Alam namin na hindi laging madali ang pag-aalaga sa inyong kalusugan, lalo na't nahaharap tayo sa maraming pagbabago sa saklaw ng health coverage. Sa patient newsletter na ito, isinama namin ang mahahalagang impormasyon tungkol sa mga darating na pagbabago sa Medi-Cal, Medicare, at Covered California.

Nais naming malaman ninyo na hindi kayo nag-iisa habang tinatahak ang mga pagbabagong ito. Ang aming pangkat ng Member Services ay handang tumulong sa inyo para sa pagpapatala at muling pagpapatala. Bago kayo magpasya na gumawa ng anumang pagbabago, mangyaring makipag-ugnayan sa aming **Member Services sa 510-986-6880.**

Para sa mga pasyenteng may Medicare, maaaring nakakakita kayo ng maraming impormasyon tungkol sa iba't ibang Medicare plans. Ang paggawa ng mga pagbabago sa planong ito ay maaaring makaapekto sa kung maaari ninyong patuloy na gamitin ang Asian Health Services bilang inyong medical provider. Maaari rin itong makaapekto sa kung anong mga espesyalista ang maaari ninyong makita at kung anong mga gamot ang maaaring sakop ng plano. Kung mayroon kayong anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa aming **Member Services sa (510)986-6880.**

Tungkol sa mga bakuna, ang aming mga health care provider sa AHS ay nagbibigay ng mga inirerekomendang uri, dosis, at tamang panahon ng pagbabakuna ayon sa mga alituntunin at batas sa California. Bagama't maraming iba't ibang mensahe sa media ngayon tungkol sa mga bakuna at pangangalagang pangkalusugan ang maaaring nakakalito, ang mga rekomendasyon ng Asian Health Services na nakabatay sa medisina at pagbibigay ng mga bakuna para sa mga matatanda, bata, at pamilya ay **nananatiling hindi nagbabago.**

Ang aming misyon sa loob ng mahigit 50 taon ay matiyak na makakatanggap kayo ng maalalahanin at mataas na kalidad na pangangalaga. Bagama't alam namin na maraming pagbabago at hindi tiyak ang hinaharap, narito kami para sa inyo. Maging ito man ay isang medikal na pagsusuri, pangangalaga sa ngipin, suporta sa kalusugan ng pag-uugali, o tulong sa pagkonekta sa pagkain, pabahay, o legal na suporta, ang aming pangkat ay naririto para sa inyo at sa inyong pamilya.

Sa ngalan ng aming 600 provider at kawani, maraming salamat sa pagbibigay-daan sa amin na maging bahagi ng inyong paglalakbay patungo sa mas mabuting kalusugan. Sama-sama, bumubuo tayo ng mas matatag na pamilya at mas malusog na komunidad para sa lahat.



Julia Liou, MPH
Punong Ehekutibong Opisyal



Thu Quach, PhD, MPH
Pangulo

ASIAN HEALTH SERVICES

# NEWSLETTER NG PASYENTE TAGLAGAS 2025

SCAN ME

# PINAKABAGONG IMPORMANSYON SA MEDIKAL

## Mahahalagang Pagbabago sa Medi-Cal na magsisimula sa Enero 1, 2026

Pakitandaan na magkakaroon ng mahahalagang pagbabago sa Medi-Cal sa loob ng susunod na dalawang taon.

Ang unang mahalagang pagbabago ay ang pagtigil ng bagong enrollment o hindi pagtanggap ng mga bagong miyembro na may ilang partikular na katayuan sa imigrasyon simula Enero 1, 2026. Kung mayroon kayong Medi-Cal, ang pagbabagong ito ay hindi makakaapekto sa inyo sa kasalukuyan. Maaari ninyong panatilihin ang inyong Medi-Cal hangga't nire-renew ninyo ito bawat taon. Kung **hindi** ninyo maire-renew ang inyong Medi-Cal sa loob ng tatlong buwan matapos itong ma-expire, maaaring hindi nyo na ito maibalik, kaya siguraduhin na maire-renew ang inyong Medi-Cal sa tamang oras. Makakatulong sa inyo ang AHS Member Services sa proseso ng pag-renew ng inyong Medi-Cal!

Kung interesado kayong mag-apply para sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa kawani ng AHS Member Services upang maipaalam namin kung kayo ay kwalipikado para sa Medi-Cal o matulungan kayong mag-apply para sa ibang programa sa kalusugan.

Ang ikalawang mahalagang pagbabago ay kung naaangkop sa inyo ang parehong kondisyong ito, hindi kayo kwalipikado para sa Medi-Cal:

- kung ikaw ay mahigit 65 taong gulang o may kapansanan, AT
- kung mayroon kang mga ari-arian na mahigit $130,000 kung wala kang asawa o $195,000 kung mayroon kang asawa.

Kahit hindi kayo kwalipikado para sa Medi-Cal, maaari kayong maging kwalipikado sa ibang mga programa. Para sa mga kumikita nang mas mababa sa 200% ng antas ng kahirapan ayon sa pederal (Federal Poverty Level) at nakatira sa Alameda County, maaaring kwalipikado kayo para sa Health Program of Alameda County (HealthPAC).

Mangyaring makipag-ugnayan sa aming AHS Member Services upang matulungan kayong malaman kung mayroon sa mga pagbabagong ito ang makaaapekto sa inyo. Maaari kayong makipag-ugnayan sa AHS **Member Services sa 510-986-6880.**

**Sa ibaba, makikita ninyo ang Medi-Cal 2026 Eligibility Chart na makakatulong sa inyo na maunawaan kung aling mga programa ang maaari ninyong mapabilang.**

| Naaayon sa Batas na Immigration Status (Satisfactory Immigration Status, SIS) | Hindi Naaayon sa Batas na Immigration Status (Unsatisfactory Immigration Status, UIS) |
|---|---|
| Mga imigranteng biktima na pang-aabuso (hindi VAWA)-eksemp/ 5 taong paghihintay | **Aplikante** ng Asylum na may Pahintulot na Magtrabaho |
| Mga mamamayan ng Micronesia, Marshall Islands, o Palau. | Mga imigranteng biktima ng pang-aabuso (**hindi** VAWA), **hindi** eksemp/**hindi** pa nakukumpleto ang 5 taong paghihintay |
| Kasunduan ng Malayang Pagsasamahan (Compact of free Association, COFA) | Mga Indibidwal na sakop ng Deferred Action for Childhood Arrivals, DACA |
| Mga Taga-Cuba/Haiti na Pinayagang Pumasok | Pagpaliban ng sapilitang pag-alis (Deferred Enforced Departure) |
| Mga May Hawak ng Green Card (**Eksemp/Nakumpleto** ang 5 taong paghihintay) | Mga may hawak ng Green Card (**hindi** eksemp/hindi pa nakukumpleto ang 5 taong paghihintay) |
| Binigyan ng Parole papasok sa U.S. **mahigit** isang taon na ang lumipas | Binigyan ng Parole papasok ng U.S. at mas **mababa** sa isang taon na ang lumipas |
| Mga Refugee at Asylee | **Nakabinbin** na Katayuan Bilang Espesyal na Batang Imigrante **(Special Immigrant Juvenille Status)** |
| May Hawak ng U Visa (Biktima ng Krimen) | Mga May Hawak ng Katayuan sa **Pansamantalang** Proteksiyon |
| Mga mamamayan o nasyonal ng U.S. | **Mga Aplikante** ng U Visa |
| Indibidwal na nagsumite ng sariling aplikasyon sa ilalim ng Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan (Violence Against Women Act, VAWA) | Mga walang dokumentong individwal, edad 19 pataas, at hindi buntis |
| | Mga walang dokumentong kabataan (19 pababa) o mga buntis |
| | May Hawak ng Visa para Bumisita/Mag-aral/Magtrabaho |

***Naaayon sa Batas na Immigration Status (Satisfactory Immigration Status - SIS)** ay tumutukoy sa legal na katayuan sa imigrasyon na nagbibigay-karapatan sa isang indibidwal na maging kwalipikado para sa ilang benepisyo ng gobyerno tulad ng Medi-Cal.

**Kung mayroon kayong Medi-Cal ngayon, maaari ninyo pa ring i-renew ang inyong Medi-Cal pagkatapos ng Enero 1, 2026 kahit hindi kayo SIS.

**Panatilihing may saklaw ang inyong pamilya - I-renew ang Medi-Cal sa tamang oras!**

# ABISO SA KALIGTASAN NG PUBLIKO

Sa **Asian Health Services**, nakatuon kami sa pagsuporta sa inyong kalusugan at kaligtasan - sa aming mga klinika at sa buong komunidad ng Oakland. Narito ang ilang mga tip upang makatulong na panatilihing ligtas kayo at ang inyong mga mahal sa buhay:

- **Manatiling alerto:** Limitahan ang mga nakakaabala tulad ng pagte-text o paggamit ng parehong earbud kapag naglalakad, nagbibisikleta, o sumasakay sa pampublikong transportasyon.
- **Manatili sa maliwanag na lugar:** Iwasan ang mga liblib na lugar, lalo na kapag madilim.
- **Bumiyahe nang magkasama:** Kung maaari, maglakad o magbiyahe kasama ang iba.
- **Magtiwala sa iyong kutob:** Bigyang pansin ang mga sitwasyon na pakiramdam mo ay delikado.
- **Tumawag sa 911:** Para sa mga emerhensiya na nangangailangan ng pulis, bumbero, o medikal na tulong.



# MGA KLASE SA TEKNOLOHIYA

## SUPORTA SA MOBILE DEVICE – ORAS NG OPISINA

Libreng 1-on-1 na tulong para sa inyong smartphone! Matutunan ang mga basic gaya ng settings, pagte-text, paggamit ng apps, internet, Google apps, MyChart, at iba pa (para sa iPhone at Samsung).

📍 310 8th Street, Suite 300, Oakland, CA 94607
📅 Una at Ika-apat na Huwebes ng buwan
⏰ 9:30 AM – 12:30 PM
📞 (510) 735-3222 o (510) 917-0483

Tumatanggap ng walk-ins. Tumawag o i-scan ang QR code para mag-appointment.



SCAN ME

CLU
ahs_clu · Instagram

# TRANGKASO




Ang aming mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa AHS ay nagbibigay ng mga rekomendadong uri, dosis, at tamang panahon ng pagbabakuna batay sa medikal ayon sa mga alituntunin at batas ng California.

Available ang mga bakuna para sa trangkaso at COVID ngayong tag-lagas sa iba't ibang lokasyon ng AHS.

SCAN ME

SCAN HERE

SCAN ME!

**📅 MGA PETSA & ⏰ MGA ORAS:**

Rolland & Kathryn Lowe Medical Center
- Disyembre 6 • 9:00 AM–12:00 PM

Chenming & Margaret Hu Medical Center
- Nobyembre 15 • 9:00 AM–12:30 PM
- Disyembre 13 • 9:00 AM–12:00 PM

Asian Resource Center
- Nobyembre 24 & Disyembre 22 • 10:00 AM–3:00 PM



na nasa hustong gulang na 19+

🔗 Iskedyul online: asianhealthservices.org/flu-vaccine-clinics o i-scan ang QR code.

📞 Mga tanong/appointment: 510-986-6828.

# PANANALIKSIK (SURVEY)

## Mahalaga sa amin ang inyong opinion



Maaaring makatanggap kayo ng maikling follow-up na tawag mula sa The Crossroads Group, Inc. upang itanong ang inyong kamakailang karanasan.

Pinahahalagahan namin ang anumang puna na nais ninyong ibahagi. Umaasa kami na sasagutin ninyo ang kumpidensyal na phone survey, dahil lubos naming pinahahalagahan ang inyong mga puna at ginagamit namin ang mga ito upang mapabuti pa ang aming mga serbisyo para sa kapakanan at kalusugan ng ating komunidad.



Ang mga Survey na Sumusunod sa HIPAA at Kumpidensyal ay Isinasagawa ng: The Crossroads Group, Inc.

# MGA KLINIKA NG PEDYATRYA

## Tumatanggap na ng mga Bagong Pasyente!


Tinatanggap namin ang **mga pasyenteng bata (edad 0–21)** at **mga buntis.**

📞**Makipag-ugnayan sa Amin**: (510) 986-6828

**MGA LOKASYON NG PEDIATRIC CLINICS:**

- Chenming & Margaret Hu Medical Center – 818 Webster St., Oakland
- Rolland & Kathryn Lowe Medical Center – 835 Webster St., Oakland
- Frank Kiang Medical Center – 250 E. 18th St., 2nd Fl., Oakland
- AHS Pediatrics San Leandro – 101 Callan Ave., Suite 105, San Leandro


**KILALANIN ANG AMING MGA DOKTOR**




**Dr. Sai Liang**
**Pinuno ng Pediatrik ng AHS**
**Wika:** *Mandarin*




**Dr. Li Zhu**
**Wika:** *Mandarin, Cantonese*



**Dr. Natsuko Takakuwa**
**Wika:** *Japanese*



**Dr. Minh-Thy Nguyen**
**Wika:** *Vietnamese*



**Dr. Joanna Mimi Choi**
**Wika:** *Mandarin*



**Dr. Hien Nguyen**
**Wika:** *Vietnamese*

# KALUSUGAN AT KAGALINGAN NG KOMUNIDAD

## PAGTATAGUYOD NG KALIGTASAN AT PAGHILOM NG KOMUNIDAD

Ngayong taon, nakipagtulungan ang Asian Health Services sa Asian Pacific Environmental Network (APEN) upang pagsamahin ang mga pasyente at miyembro ng komunidad para sa isang serye ng mga field trip na nakatuon sa kaligtasan at paghilom ng komunidad. Bumisita ang mga kalahok sa Chinatown ng San Francisco, West Oakland, at San Quentin State Prison, kung saan sinayasat nila ang aktibismo ng mga Asyanong Amerikano, pagkakaisa sa iba't ibang komunidad, at nakipag-ugnayan sa diyalogo sa mga nakakulong na indibidwal.

Isang kalahok ang nagpahayag: **"Ang tunay na kaligtasan ay maaaring hindi nagmumula sa mga pader at kandado, kundi sa pag-unawa, edukasyon, at patas na mga oportunidad."**




Sa pamamagitan ng mga karanasang ito, natutunan ng mga kalahok kung paano hinuhubog ng ating kapaligiran at kolektibong tinig ang kalusugan, kaligtasan, at kaunlaran. Marami na ang aktibong lumalahok sa adbokasiya—pagsusulong ng suporta sa kalusugan ng isip, pamumuhunan sa kabataan, matatag na pabahay, mga serbisyo sa muling pagpasok, at pagprotekta sa Medicaid—na lumilitaw bilang mga lider sa kanilang mga komunidad.

# ANG SPECIALTY MENTAL HEALTH PREVENTION TEAM

Ang **Specialty Mental Health Prevention Team** ay nakatuon sa pagsuporta sa komunidad sa pamamagitan ng edukasyon at pakikipag-ugnayan na tumutugon sa kultura. Ang aming **YouTube channel** ay nagtatampok ng mga praktikal na workshop sa kalusugan ng isip na iniaalok sa **Cantonese**, **Mandarin**, at **Ingles**, na sumasaklaw sa mga paksa tulad ng edukasyon sa pagsusugal, mga karapatan at benepisyo sa Medi-Cal, komunikasyon sa pamilya at mag-asawa, pagiging magulang, mga hadlang sa kultura sa pag-access ng pangangalaga, at marami pang iba.




Nagbabahagi rin kami ng mga aktibidad para sa pamilya, kabilang ang mga biking tour at mga pana-panahong kaganapan, upang itaguyod ang kalusugan at koneksiyon. Para sa paglahok sa workshop o mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email o bisitahin ang aming YouTube channel.

# MYCHART

## Nakapag-sign up na ba Kayo o ang Inyong Tagapag-alaga para sa MyChart?

Ang MyChart ay isang libre at ligtas na portal na tumutulong sa pamamahala ng inyong kalusugan—o suportahan ang pangangalaga ng isang mahal sa buhay. Sa pamamagitan ng proxy access, maaaring manatiling updated, kasali, at konektado ang mga tagapag-alaga.

**Kabilang sa mga benepisyo ang:**

- Magpadala ng mga tanong na hindi medikal sa iyong pangkat ng pangangalaga
- Suriin at i-refill ang mga reseta
- Humiling o magkansela ng mga appointment
- Tingnan ang mga resulta ng pagsusuri at kasaysayan ng kalusugan
- Manatiling updated sa mga screening at bakuna




**Paano Magsimula:**

Maaaring mag-sign up online ang mga pasyente. Ang mga tagapag-alaga ay dapat makipag-ugnayan sa kawani ng klinika para sa activation code bago magparehistro. Bisitahin ang **website ng MyChart** o i-download ang app upang gumawa ng account.

**MyChart: Ang inyong simple at ligtas na koneksiyon sa mas mahusay na pangangalaga.**

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan: 510-735-3222